# Subersyon o Tradisyon? Isang Pagsusuri sa mga Mensaheng Ipinahihiwatig ng *Morning Girls* at *Sis*

*Josefina M. C. Santos*

Television Review of ***Morning Girls*** (ABS-CBN) and ***Sis*** (GMA)

Ang *talk show* ay isang paraan ng telebisyon para magbigay ng impormasyon sa manonood. Karaniwan itong nakasalalay sa personalidad ng isa o higit pang host na siyang nagpapaikot sa talakayan. Kapag dalawa ang babaeng host sa dalawang magkatapat na programa, madaling isipin ng manonood na ang mga programang ito ay "pambabae", lalo na kung ang oras na tinutukoy ay nasa pagitan ng ika-10:30 hanggang ika-11:30 ng umaga. Hanggang kamakailan, ang oras na ito ay kinikilala ng mga tauhan sa *programming department* ng mga network na oras kung kailan ang naiiwan sa tahanan ay mga maybahay at mga katulong sa bahay. Ngunit dahil marahil sa maraming pag-aaral nitong nakaraan na nagpapatunay na hindi na lamang babae ang nanonood ng pang-umagang mga programa sa Pilipinas, ang mga pinag-uusapan sa mga programang ***Sis*** at ***Morning Girls*** ay nagsusumikap tumutok sa mga "usaping hindi lamang pambabae". Kaya sa mga programang ito, ang mga usaping tinaguriang pambabae ay nahahaluan ng mga usaping maaaring ituring na panlalaki.

Dalawa ang maaaring pagmulan ng mga usaping karaniwan ay nasa klasipikasyong pambabae. Ang una ay mga usaping nakabatay sa tradisyonal na pamantayan ng kababaihan. Kabilang dito ang pag-aalaga sa puri at pagiging mabuti at matapat na maybahay, masunuring anak, mapagkandiling ina, at madasalin at may takot sa Diyos. Ang ikalawa naman ay ang pagtingin sa kababaihan bilang sabjek ng konsumerismo na kaakibat ng modernisasyon. Dito kinikilala ang babae bilang tila produktong ibinebenta na kailangang maging kaakit-akit at higit na mataas ang kilatis kaysa iba. Nakatuon ang babae sa pagpapaganda. Kailangang mabango at kahali-halina. Sa huli, ang mga katangiang ito na sa unang tingin ay mabibilang sa indibidwal na pagnanasa ng bawat kababaihan ay pumapatak din sa tradisyonal na

hulma dahil ang pinatutunguhan ng mga ito ay para maakit ang lalaki at maging interesado sa babae habang nananatili ang pamantayan ng pagkababae sa pagiging dakilang anak, ina, asawa, at iba pa.

Mula Marso 15 hanggang Hunyo 7, 2004, tigatlong episodyo ng ***Sis*** at ***Morning Girls*** ang pinanood nang may salit-salitang pagpili bawat linggo ayon sa oras na kakayanin ng nagsuri. Nataon naman sa mga episodyong nabanggit, tig-isang *special* ang ipinalabas: Ang pamamaalam ni Korina Sanchez sa ***Morning Girls*** at ang pagdiriwang ni Gelli de Belen ng kaniyang kaarawan sa ***Sis*** noong Mayo 25, 2004.

## *Morning Girls* at ang Subersyon sa Pagpili ng mga Host

Ang ***Morning Girls*** ay pang-araw-araw na programa ng ABS-CBN mula Lunes hanggang Biyernes mula ika-10:30 hanggang ika-11:30 ng umaga, bagamat pabago-bago ang eksaktong oras ng pagsisimula nito dahil sa pagtatapos nang lampas sa itinakdang oras ng mga naunang programa. Pinangungunahan ang programa nina Korina Sanchez at Kris Aquino. Si Sanchez ay buhat sa News and Current Affairs Department ng network habang si Aquino ay mula sa Entertainment. Mula sa pagpili ng tambalan, mahihinuha ng isang manonood ang pagtatangka na tunguhin ng programa ang malaya at seryosong usapin hinggil sa mga nagaganap sa pang-araw-araw na buhay ng tao. Ito ang unang programa ni Sanchez na hindi nakatuon sa suliranin ng ordinaryong tao at sa halip ay nakatuon sa buhay ng mga sikat. Ang pagtatambal sa kaniya kay Aquino ay pagbabadya na ang mga pinag-uusapan ay hindi kasing seryoso ng mga usaping karaniwang tinatalakay ni Sanchez.




Sina Kris Aquino (kaliwa) at Korina Sanchez (kanan) ay hosts ng ***Morning Girls***. (Kinuha mula sa ABS-CBN Interactive.)

Madalas na nagsisimula ang programa sa balita hinggil sa mga taong may mahusay na katangian o nagawa. Ito ang tinagurian nilang "News 2 Panalo". Sa tinig ni Marc Logan, ang itineyp na presentasyon ay inihahatid sa magaan na pamamaraan. Dalawa sa tatlong episodyong pinanood ng nagrerebyu ay tumalakay sa natatanging gawain ng kalalakihan. Bagamat senyales ito na hindi pangkaraniwang babaeng manonood ang target ng programa, nakapanghihinayang pa ring hindi ito nagagamit upang mas maipakita ang kababaihang may natatanging personalidad o kakayahan.

Matapos ang balita, nagbibigay ng komentaryo sina Aquino at Sanchez hinggil sa tao o sa gawaing ipinakita ni Logan. Bagamat magaan ang pamamaraan ng deliberi ni Logan sa itineyp na presentasyon, ang komentaryo ng dalawa ay mas pormal at karaniwang isinasaad habang nakatayo at nakahalukipkip ang mga braso. Magandang senyales ito na may pagsusumikap ang programang ipakita ang kakayahan ng kababaihan sa seryoso at magandang usapan.

Pero ang tila paglihis na ito sa tradisyon ay natatabunan ng iba pang elemento ng programa. Isa sa mga elementong ito ang pananamit ng mga host. May mga isponsor ang programa na nagbibigay ng libreng kasuotan kina Aquino at Sanchez. Kapalit nito ang pagpapasalamat sa mga isponsor sa *closing credits.*

Makukulay ang damit ng dalawang host. Karaniwang *backless* ang damit ni Aquino habang ang kay Sanchez, bagamat may manggas, ay walang kolar at malalim ang *neckline.* Gaya rin ng kasuotan ni Aquino, ang damit ni Sanchez ay karaniwang humahakab sa katawan. Bagay na dalawang ulit na inungkat ni Sanchez sa dalawang episodyo ng pamamaalam niya sa programa — hindi na siya makapagsusuot ng makukulay at *body hugging* na pang-itaas sa bago niyang programa, ang ***Rated K.***

Mag-iiba na rin ang pakikitungo sa produksyon. Wala nang isponsor ng kasuotan at mga *charms* at *crystals.* Hindi man sinabi nang tahasan ni Sanchez, ipinahihiwatig nito na dahil sa ang usapin sa bagong programang lilipatan ay "seryoso", ang pagiging babae niya ay kailangan nang itago. Hindi na puwede ang bulaklaking *blouse* ng babae dahil "mababawasan ang kaseryosohan ng usapin". Hindi na puwede ang charms at crystals dahil aagawin nito ang atensyon ng manonood mula sa pinag-uusapan. Kulang na lang sabihin nang tahasan na puwede ang humahakab na printed na damit at charms at crystals dahil hindi naman importante ang pinag-uusapan sa programang iiwan.

Ito kaya ang dahilan kung bakit halos magkasinghaba ang bilang ng panahong ibinibigay ng produksyon sa mga patalastas at sa laman ng programa? Samakatwid, kahit ipinahihiwatig sa simula ng programa ang kaseryosohan ng mga babae sa magagandang usapin, pinababalintunaan ang kaseryosohang ito ng ipinahihiwatig ng pananamit at komento ni Sanchez sa pananamit sa *Morning Girls*. Naniniwala nga kaya ang produksiyon na kaya ng babae ang seryosong usapan?

## Ang Subersyon sa Temang Tinatalakay sa *Morning Girls*

Masasabing may pagsusumikap din ang *Morning Girls* na lumabas sa mga nakagawian nang tema ng programang pambabae. Sa tatlong episodyong pinanood ng nagrebyu, tinalakay ng dalawang host ang mga usaping tungkol sa lalaki o kinapapalooban ng lalaki.

Sa isang episodyo, binigyang-pansin at pinuri ang ilang mga artistang ama na may matibay na relasyon sa kanilang anak. Sa isang banda, mayroon itong subersyon sa pangkaraniwang pananaw na ang babae ay siyang may tungkuling paglapitin ang kalooban ng magulang at anak. Ngunit sa kabilang dako ay ibinabalik nito ang kinagisnang kalakaran dahil nililimita na naman ang usapan sa pagsunod ng anak na lalaki sa yapak ng ama sa propesyon. Ibayo pang nalimita ito sa ilang pagbabanggit sa pisikal na pagkakahawig ng ama at anak at hilig nila sa babae.

Samakatwid, bagamat mga lalaki ang panauhin, ang usapin ay pinanatiling "pambabae" — domestiko, at ang relasyong ama at anak ay nakatali pa rin sa tradisyonal na pagtatakda ng hilig at propesyon ng anak na gaya sa ama.

Dahil ang mga usapan ay nasa hilig ng kalalakihan, pinasisilip nito ang manonood sa tradisyonal namang paksa na hindi kasali ang mga babae. Halimbawa nito ay ang pagtatanungan nina Aquino at Sanchez kung ano ang R-4, na lumalabas naman palang isang modelo ng kotse.

Sa hindi tahas na lengguwahe ng video, nagagamit din ang mga kuha ng camera para bigyang diin ang tinatawag ni Tannen (2001) na lengguwahe ng *intimacy* na pambabae. Kabilang na rito ang paggamit ng malapitang kuha sa mga sandaling dramatiko upang maipakita ang tindi ng emosyonal na pagtatali ng ama at anak na lalaki.

Kasama na rin sa lengguwaheng ito ng intimacy ang paggamit ng sopa bilang set. Para bang tahimik nitong isinisigaw na kahit pa

galing sa News and Current Affairs Department ang babaeng host, kapag dalawang babae ang nag-usap, domestiko ang nagiging paksa. Ihambing ito sa mga usapang ang host ay lalaki. Karaniwang nakaupo ito sa silyang pang-ehekutibo na may mataas na sandalan at mayroon itong mesang pang-ehekutibo rin sa harapan. Kapag babae naman ang host sa ganitong set, itinatago ang kasarian ng babae sa pormal na kasuotan.

Ang pangalawang episodyo namang pinanood ng nagrerebyu ay tumalakay sa mga awiting *novelty*, at kung bakit sumisikat at dumarami ang mga ito. Bagamat kung tutuusin ay puwedeng malalim ang tunguhin ng diskusyon, ang usapan ay kadalasang nauuwi sa personalidad ng mang-aawit o dili kaya'y sa kakayahan nito. Ito kaya ay pagpapatunay sa kritisismo na mahilig ang kababaihan sa mababababaw na usapan tulad ng tsismis? O maaari ba nating ituring ito na pagbuwelta sa kalalakihan, dahil sila ay kasingbabaw din pala ng kababaihan?

## Ang Subersyon ng Espasyo sa *Morning Girls*

Sa episodyo naman kung saan si Senador Mar Roxas ang naging bisita, bagamat ang tema ay hinggil sa mga plano niya sa Senado, mas marami pa ang talakayan hinggil sa relasyon niya kay Sanchez. Sampung taon na pala silang magkaibigan at isang taon nang nag-iibigan. Ito ay dahil sa mariing pagpupumilit ni Aquino na ipaalam sa manonood ang kasaysayan ng pag-iibigan ng dalawa.

Nauuwi lagi ang usapan sa mga nakakikilig na usaping tradisyonal nang ibinibilang sa usaping pangkababaihan. Halimbawa nito ay ang pagtatanong ni Aquino kay Roxas kung sa palagay ng huli ay maaaring maging unang ginang nito si Sanchez na sinagot naman ng senador ng "ngayon pa lang ay *first lady* na siya ng palengke". Mga pakilig na sumusundot sa mga pusong umaasa.

Ngunit ang usapin ng palengke ay mag-uungkat sa atin ng higit na mas malalim na usaping pangkababaihan. Ang palengke ay isang lugar na kinikilalang pambabae. Karaniwan itong inilalarawan bilang maingay, marumi, at magulo. Ngunit nang dayuhin ito ng lalaking si Roxas, inilagay ng espasyong ito ang ginoo sa pang-unang puwesto sa mga nanalo sa pagkasenador. Ang tagong mensahe nito: Kahanga-hanga siyang lalaki na nagbigay ng pansin sa isang lugar na tulad ng palengke. Nang angkinin ni Mar ang palengke at sabihing si Sanchez ang first lady ng palengke, sa halip na bumaba ang lalaki sa mata ng

pangkaraniwang manonood, ang palengke ang tumaas ang prestihiyo dahil sa lalaking umako nito. Si Sanchez na isang babae ay hinirang na first lady na lamang ng palengkeng sa tradisyonal na pagtingin ay datihan nang espasyo ng kababaihang tulad niya.

## Ang *Sis* at ang Pagkapit sa Tradisyon

Kung may maoobserbahang pagbaligtad sa tradisyonal na paglalarawan sa kababaihan sa ***Morning Girls***, halos walang masisilip na ganito sa ***Sis***. Ang ***Sis*** ay katapat na programa ng ***Morning Girls*** sa GMA. Pinangungunahan ito ng magkapatid na Gelli at Janice de Belen. Kapwa nagsimula bilang mga batang artista sa pinilakang tabing, ang dalawang host na ito ay tila pinanatiling bata sa programa — mula sa kasuotan hanggang sa mga temang tinatalakay. Sa tatlong episodyong pinanood ng nagrebyu, ang mga paksa ng programa ay may kinalaman sa puso o malapit sa puso ng host na noon ay nagdiriwang ng kaniyang kaarawan.

Magaan ang pambungad ng programang ***Sis***. Ang dalawang host ay tila mga manikang papel na binibihisan para sa iba't ibang maliligayang pagkakataon. Ang kulay ng grapiks ay mapaglaro — luntian at malamyang dilaw na may mga letrang pula. Malilikot din ang mga galaw ni Gelli de Belen habang pinadadaloy ang programa. Malaki ang kaibahan nito sa madalas ay walang buhay na hosting ng kapatid na si Janice. Animo ay sinasabing iba't iba ang mukha ng babae. Pero hindi ito garantiyang may ganoon ngang laman ang programa.

Sa isang episodyo, pinaglaban-laban ang tatlong *love team* na lumalabas sa mga programa ng GMA. Malinaw na pakilig ang epektong nais ipaabot ng mga nasa likod ng programa sa mga manonood. Umawit si Oyo Boy Sotto na anak nina Vic Sotto at Dina Bonnevie ng "Bakit ba Ganyan?", ang awit na sinulat ng kaniyang ama para sa kaniyang ina at isinaplaka naman ng huli. Para bang pagpapaalaala ng isang lumipas na panahon para sa mga nakatatandang manonood na malamang ay tinatantiyang babae.

Sa pagkakaayos naman ng pagkakaupo ng mga pares sa set, siniguradong magkatabi sa upuan ang bawat isang magpartner kung saan ang lalaki ay nakaupo sa malapad na patungan ng braso sa sopa — mataas ang ulo sa babae. Kakaiba ito sa pagkakaupo ng magkapatid sa pandalawahang sopa kung saan ang mga ulo nila ay magkapantay.




Sina Janice de Belen (kaliwa) at Gelli de Belen (kanan) ay hosts ng ***Sis***. (Kinuha mula sa URL http://www.igma.tv/shows/sis/index.html noong Agosto 5, 2004.)

Ang episodyong ito ay nagtanghal din ng *make-over* ng isang lalaking buong linggong sinubaybayan ng manonood ang pagbabago habang inaayos ang kaniyang anyo ng mga baklang eksperto sa pagpapaganda, pag-aayos ng buhok, pananamit, at pananalita. Sa huli, ipinakita ang bagong Kel Angeles, ang pangkaraniwang lalaki na binago ang anyo sa kahilingan ng isang manonood ng *Sis* na kaibigan ni Angeles.

Sa harap ng manonood ng programa, niligawan ni Angeles si Angel (ang kaibigang nag-*request).* Naluha si Janice de Belen. Sinamantala naman ito ng produksyon sa pamamagitan ng pagkuha ng malapitan sa kaniya sa sandaling ito. Bagamat nakuha ang atensyon ng maraming manonood, tila ba ito ay pagsasabing pusong babae lamang ang maluluha sa tagpong ito. Hindi kasama rito si Gelli de Belen dahil sabi niya sa ilang mga nakaraang episodyo na siya ay bakla — babaeng kung kumilos at magsalita ay parang bakla.

## Ang Tila Subersyon sa Tema ng *Birthday Special* sa *Sis*

Mga awit ang naging malaking bahagi ng episodyong nataon sa kaarawan ni Gelli de Belen. Siyempre, naroon ang asawa niyang si Ariel Rivera at ang kanilang mga anak. Naroon din ang mga isinisingit na itineyp na pagbati ng mga sikat na kababaihan, tulad nina Jamby Madrigal, Pia Guanio, at Mel Tiangco.

Bagamat ang mga regalo ay tila subersyon ng nakagawian nang babae ang "inireregalo" sa lalaki, hindi pa rin kumpleto ang paglihis sa tradisyon sa puntong ito. Ginawang regalo kay Gelli ang ilang makikisig na lalaki na isa-isang tinawag para umawit, ngunit nauwi ang eksena sa pag-awit ng mga bakla at "babaeng bakla". Sa unang tingin binabaligtad nito hindi lamang kung anong kasarian ang "inireregalo" kundi kung sino rin ang humaharana kanino. Ngunit dahil sa lalaki at babaeng bakla ang umaawit at komikal ang paraan ng pagdedeliber ng awit, lumalabas na ang subersyong ito ay katawa-tawa at sa gayon ay hindi talaga katanggap-tanggap.

## Ang Tradisyonal na Tema ng Babae bilang Produktong Pangkonsumo at Tagakonsumo

Kung marami mang pagkakaiba ang dalawang programa sa magkaibang istasyon, nagkakaisa sila sa tradisyonal na tema ng babae bilang produktong pangkonsumo at tagakonsumo. Simulan natin ito sa punto ng mga isponsor. Magandang pagkakataong ang tanging papel ng nanonood sa istudyo ay para may bakdrap habang nakatayo ang mga host at nakatalikod sa mga nanonood sa simula at wakas ng programa.

Dahil may mga isponsor ng damit ang dalawang programa, hindi maaalis na isiping ang hanggang tuhod na kuha ng kamera ay pagpapakita kung gaano kaganda at kalapat ang mga damit na inindorso ng mga host.

Sa episodyong "Love is Everywhere" ng ***Sis***, ang higit na nag-okupa ng maraming oras ng programa ay mga awit ng mga bisitang sina Ogie Alcasid, Kyla, Roselle Nava, Anton Diva, Aiza Seguerra, at Luke Mijares na pawang may CD namang ipino-*promote*. Dalawampung minuto tuloy sa 35-minutong laman ng programa ay napunta sa kanta. Kulang sa 15 minuto ang talakayan sa tatlong malalaking tema. Ano na nga ba ang mapupulot ng babae sa usapan maliban siguro sa konklusyong "Maganda ang mga awit. Bumili kayo ng CD."?

Pero kung tutuusin, ang pinakamalaking tatak ng pagiging tradisyonal na pambabae ng dalawang programa ay nasa mga patalastas. Sa humigit-kumulang isang oras na haba ng dalawang programa, naglalaro sa 35 hanggang 40 minuto lamang ang inilaan sa mismong palabas. Dalawampu naman hanggang 26 minuto ay para sa patalastas kasama na ang mga pinahabang presentasyon na tulad ng pagiging ina

ni Isabel Granada na gumagamit ng "Nido one plus" para sa anak. Mas madalas tuloy na lumalampas sa itinakdang haba ng programa ang palabas sa himpapawid. Sa isang pagkakataon pa, pinutol ang pormal na pamamaalam ng mga host ng programa. Magugulat na lang ang manonood na pagkatapos ng apat na minutong serye ng mga patalastas, iba na ang programa.

Tatlong-kapat ng mga patalastas sa dalawang programa ay may temang pangkababaihan — kung hindi man produktong pangkonsumo ng mga kababaihan ay bitamina, gatas, at iba pang pangangailangan para sa kaniyang anak.

Ang pagkakapili ng mga patalastas na ito ay senyales ng pagtatakda ng mga isponsor na ang kababaihang manonood, bata man o matanda, ay kailangang maganda, mabango, at mapang-akit, mula sa buhok na hindi nalalagas, naiiba-iba ang ayos, at walang balakubak hanggang sa sakong na malambot at hindi maitim. Ang babae, kapag nag-asawa naman, ay kailangang asikasuhin ang kakainin at isusuot ng pamilya, at ang maayos at matipid na paglalaba at paghuhugas ng pinggan. Ang babae ang sisigurong mahusay ang paglaki ng anak, may tamang gatas at bitamina ang mga bata, at kung sila ay magkakasakit, mabibigyan ng tamang igagamot. Itinututok ang halos kalahati ng programa sa mga mensaheng ito dahil ang babae ang namimili ng mga produktong konsumer na ito.

Samakatwid, sa kabila ng maraming talakayan at pagtatangkang baguhin ang pagtingin at pagtrato sa kababaihan, sa kabila ng mga pagpapasilip sa atin ng mga pagtatangkang huwag limitahan ang isyung pangkakabaihan, ang mga ito ay ilusyong madaling napapawi sa pagtawag sa kababaihan na gampanan ang kanilang tradisyonal na tungkulin at maging konsumerista ng lipunang nakapako sa kahirapan.

## Talasanggunian:

Tannen, D. (2001). *You just don't understand: Women and men in conversation*. New York: Quill.

---

***Josefina M.C. Santos*** *is an assistant professor of Broadcast Communication at the University of the Philippines College of Mass Communication (UP CMC).*